# MGA TAGA-ROMA

## MGA SAGOT SA PAGSUSULIT

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

# Aralin 1
# Pagpapakilala sa Liham

(1) Bakit isinulat ni Pablo ang liham sa mga mananampalataya sa Roma?

Upang ipakilala ang kanyang sarili at ang kanyang teolohiya ng kaligtasan sa mga mananampalataya ng Roma upang madalaw niya sila at magsimula ng bagong gawaing misyon gamit ang kanilang suporta.

(2) Bakit plinano ni Pablo na magtungo sa Roma?

Nais ni Pablo na gamitin ang iglesya sa Roma bilang batayan para sa paglulunsad ng isang pagmimisyon sa Espanya.

(3) Ano ang kahulugan ng salitang Hesu-Kristo na ating Panginoon sa mga sulat sa Bagong Tipan?

Sinasabi nito na siya ang makasaysayang tao na nagngangalang Hesus, siya ang Mesiyas ng mga Hudyo, at siya ang Diyos.

(4) Paano pinatunayan ng muling pagkabuhay ang paggiging Diyos ni Hesus?

Ang isang taong hindi Diyos ay walang kakayahang muling buhayin ang kanyang sarili mula sa mga patay; at hindi rin maaaring buhayin ng Diyos ang isang taong mali sa kanyang pag-angkin na siya ay Diyos.

(5) Ipaliwanag ang salitang *barbaro* (Roma 1:14).

Ang isang barbaro ay isang dayuhan, hindi ng kulturang Griyego.

(6) Bakit may utang ang ebanghelista na ibahagi ang ebanghelyo?

Utang ng ebanghelista ang ebanghelyo sa mga nawawala dahil sinabi sa atin ng Diyos na ibigay ito sa kanila.

(7) Ano ang sentro at pinakamahalagang katotohanan sa aklat ng Roma?

Ang taong ginawang matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay.

(8) Ano ang ibig sabihin ng *kamatayan* sa aklat ng Roma?

Ang paghatol ng Diyos

(9) Ayon sa Roma, sino ang naligtas mula sa paghatol ng Diyos?

Tanging ang mga ginawang matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya.

# Aralin 2
# Ang Pagkakamali ng Hentil

(1) Sa paanong paraan natatanggap ng mga tao ang Pangkalahatang Kapahayagan?

Sa pamamagitan ng pagtingin sa nilikha ng Diyos

(2) Ano ang alam ng lahat ng tao patungkol sa Diyos kahitna wala ang Banal na Kasulatan?

Alam ng mga tao na may Diyos, na dapat nilang sundin siya, at sinuway na nila siya.

(3) Ano ang Espesyal na Kapahayagan?

Ang katotohanang inihayag sa inspirasyon ng Bibliya at sa pagkakatawang-tao ni Kristo

(4) Ano ang pagsamba sa diyos-diyosan?

Ang maglingkod at sumamba sa isang bagay na nilikha ng Diyos

(5) Magbigay ng dalawang paraan na nakakaapekto sa pag-iisip ng mga tao ang kasamaan.

- Ito ay humahadlang sa mga tao kapag kailangan nilang gumawa ng moral na mga desisyon.
- Nagiging sanhi ito sa mga tao na ipagtanggol ang kanilang makasalanang pagnanasa at pagkilos.

# Aralin 3
# Ang Pagkakamali ng mga Israelita

(1) Ano ang inilalarawan ng kasulatan tungkol sa mga huling araw?

> Inilalarawan nito ang isang panahon kung kailan biglang mamagitan ang Diyos sa mundo, magpaparusa sa kasamaan at tutulungan ang kanyang mga tao.

(2) Bakit inaasahan ng mga Hudyo na sila ay papaboran?

> Akala nila sila ay pinapaboran ng Diyos dahil sila ay mga anak ni Abraham.

(3) Paano ginagawang matuwid ang isang tao?

> Ang isang tao ay ginawang matuwid sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

(4) Paano ipinapakita ng isang tao na mayroon siyang pananampalatayang nakapagliligtas?

> Ang isang tao ay nagpapakita na siya ay may nakapagliligtas na pananampalataya sa pamamagitan ng pamumuhay nang tapat.

(5) Ano ang kahulugan ng pagtutuli para sa isang Judio, at ano ang sinisimbolo nito para sa isang Kristiyano?

> Ang pagtutuli ay isang tanda ng pagkakakilanlan para sa isang Hudyo, patunay na siya ay kabilang sa bayan Diyos. Para sa isang Kristiyano ay sumisimbolo sa gawain ng Banal na Espiritu kapag binago niya ang puso ng makasalanan upang mahalin at sundin ang Diyos.

# Aralin 4
# Mga Kalagayang Unibersal

(1) Ipaliwanag ang konsepto ni Calvin ng "pangkalahatang biyaya."

> Naniniwala siya na binibigyan ng Diyos ang lahat ng tao ng biyaya na nagbibigay-daan sa kanila na gumawa ng mabubuting bagay. Hindi siya naniniwala na ang karaniwang biyaya ay maaaring magdala ng tao sa kaligtasan.

(2) Ipaliwanag ang konsepto ni Wesley ng "naunang biyaya."

> Naniniwala siya na ang Diyos ay nagbibigay sa mga tao ng pagnanais at kakayahang tumugon, subalit hindi basta basta sila inililigtas. Hinahayaan ng Diyos ang pagpili ng mga tao. Ito ang unang biyaya na dumadating sa bawat tao.

(3) Sa Roma 3:19, ano ang ibig sabihin ng "upang matahimik ang bawat bibig"?

> Nangangahulugan ito na walang sinuman ang may dahilan o batayan para bigyang-katwiran ang kanyang sarili.

(4) Anong malaking benepisyo ng mga Hudyo ang nabanggit sa Roma 3?

> Sila ang tumanggap ng Kasulatan.

(5) Paano nagiging kapaki-pakinabang sa atin ang mga anyo ng pagsamba?

> Ang mga ito ay mga anyo na ibinigay upang tulungan ang ating pananampalataya. Kapag isinasagawa natin ang mga ito nang may pananampalataya, nakakatanggap tayo ng biyaya.

(6) Ano ang ipinapakita ng Roma 3:10-18?

> Walang sinumang matuwid kung hindi siya tumanggap ng katuwiran ng Diyos.

(7) Sino ang nasa ilalim ng kautusan? (Roma 3:19-20)

> Ang isang tao na nag-iisip na dapat niyang panatilihin ang kautusan upang tanggapin siya ng Diyos.

# Aralin 5
# Ang Pamamaraan at Kahulugan ng Pagpapawalang-Sala

(1) Ano ang pinaniniwalaan ng taong may pananampalatayang nakapagliligtas?

- Naniniwala siya na wala siyang magagawa upang mapawalang-sala ang kanyangsarili.
- Naniniwala siya na ang handog ni Kristo ay sapat para sa kanyang kapatawaran.
- Naniniwala siya na pinatatawad siya ng Diyos sa kundisyon ng pananampalataya lamang.

(2) Ano ang suliranin na nilutas ng pagbabayad-sala?

Upang bigyang-katwiran ng Diyos ang makasalanan at manatiling maging isang matuwid na hukom

(3) Paano nilutas ng pagbabayad-sala ang suliranin?

Naglaan ang Diyos ng handog bilang batayan ng pagpapatawad. Maaari niyang patawarin ang sinumang sumasampalataya, ngunit ang handog ay nagpapakita na itinuturing ng Diyos na mabigat ang kasalanan.

(4) Ano ang ibigsabihin ng *pagpapawalang-sala*?

Ang pagpapawalang-sala ay nangangahulugan na ang makasalanan na nagsisisi at sumasampalataya ay ibinilang na matuwid na tila ba hindi siya nagkasala.

(5) Paano tinutupag ng isang tao ang kautusan bilang pamantayan ng katuwiran? (Roma 3:31)

Sa pamamagitan ng pagsisisi sa kasalanan at pamumuhay nang may pagsunod.

(6) Ano ang pangako nang biyaya ng Diyos kay Abraham?

Na sa pamamagitan ng kanyang mga inapo ay maiaalay ang biyaya ng Diyos sa lahat ng tao sa lupa.

(7) Ano ang sinabi ni David tungkol sa pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya?

Inilarawan niya ito bilang pagtanggap ng Diyos na nakasalalay sa kapatawaran ng mga kasalanan.

(8) Sino-sino ang mga anak sa espirituwal ni Abraham?

Ang mga taong may pananampalatayang nagliligtas

(9) Paano natin nalalaman mula sa Roma 5:15 na ang kaligtasan ay iniaalok sa lahat?

Sinasabi ng talatang ito na kung paanong ang kasalanan ni Adan ay naging sanhi sa lahat na maging makasalanan, ang pagbabayad-sala ni Kristo ay nag-aalok ng biyaya sa lahat.

# Aralin 6
# Ang Katagumpayan Laban sa Kasalanan

(1) Bakit mahalaga na maunawaan kung ano ang kasalanan?

Upang maunawaan ang pagsisisi at tagumpay, dapat nating maunawaan kung ano ang kasalanan.

(2) Ano ang kahulugan ng sinasadyang kasalanan?

Kapag ang isang tao ay sinadya at sadyang pinili na sumuway sa Diyos, iyon ay sinasadyang kasalanan.

(3) Ano ang maling ideya o katuruan ang tinutugunan ni Pablo sa Roma 6?

Dahil sa biyaya, ang mga mananampalataya ay hindi kailangang mamuhay sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos.

(4) Ano ang ibigsabihin ng maging patay sa kasalanan?

Ang maging patay sa kasalanan ay hindi na nasa ilalim ng kapangyarihan o kontrol ng kasalanan.

(5) Ano ang ibigsabihin ng maging nasa ilalim ng biyaya?

Ang ibig sabihin ng pagiging nasa ilalim ng biyaya ay umasa sa biyaya para sa pagtanggap ng Diyos.

(6) Ano ang ibigsabihin ng maging nasa ilalim ng kautusan?

Ang ibig sabihin ng pagiging nasa ilalim ng kautusan ay umaasa sa pagsunod sa kautusan para sa pagtanggap ng Diyos.

(7) Bakit imposible na paglingkuran pareho ang Diyos at ang kasalanan?

Imposibleng maglingkod sa Diyos at magkasala dahil alipin ka ng iyong sinusunod. Kung susundin mo ang kasalanan, ang kasalanan ang iyong panginoon, ibig sabihin ay hindi ang Diyos ang iyong panginoon.

(8) Ano ang kahulugan ng terminong *dating pagkatao*?

Ang dating pagkatao ay ang buhay na makasalanan na nakasentro sa sarili na iniiwan ng isang tao sa oras ng kanyang pagbabalik-loob.

# Aralin 7
# Ang Nahatulang Makasalanan

(1) Magbigay ng dalawang dahilan kung bakit mahalaga pa rin ang mga ceremonial na batas at mga batas sibil ng Lumang Tipan.

- Inihahayag nila ang kalikasan ng Diyos, na hindi nagbabago.
- Nagbibigay ang mga ito ng mga prinsipyo ng moralidad na ilalapat sa mga tiyak na paraan.

(2) Ano ang ibigsabihin ng mamatay na sa kautusan?

Ang ibig sabihin ng pagiging patay sa kautusan ay hindi natin kailangang tuparin ito bilang isang paraan ng pagbibigay-katwiran, dahil tayo ay inaring-ganap sa pamamagitan ng biyaya.

(3) Ano ang dalawang paraan ng paggamit sa salitang nasa laman?

- Upang maging tao, mortal na anyo
- Upang kontrolin ng isang nahulog, makasalanang kalikasan

(4) Paano higit na pinasasama ng kautusan ang kasalanan?

Kapag alam ng makasalanan na siya ay nagkasala, ang kanyang patuloy na kasalanan (paglabag sa kautusan ng Diyos) ay nagiging mulat na paghihimagsik.

(5) Bakit kapaki-pakinabang ang kautusan para sa ebanghelismo?

Nakikita ng isang tao ang kanyang pangangailangan ng kaligtasan kapag napagtanto niya na siya ay hinatulan ng kautusan ng Diyos.

# Aralin 8
# Pamumuhay ng ayon sa Espiritu

(1) Bakit imposible na ang kautusan ang maging daan sa kaligtasan?

Ang hindi mananampalataya ay hindi magagawang sundin ang kautusan.

(2) Ano ang kahulugan kapag sinabing ang isang mananampalataya ay wala na sa laman?

Ang mananampalataya ay wala sa ilalim ng kontrol ng laman at may kapangyarihang labanan ang tukso.

(3) Paano pinapatnubayan ng kautusan ang buhay ng isang Kristiyano?

Ipinapakita nito kung paano tayo gustong mabuhay ng Diyos.

(4) Ano ang patotoo ng Espiritu?

Ang Espiritu ng Diyos ay nagpapatunay sa atin na tayo ay nasa isang mapagmahal, masunuring kaugnayan sa Diyos at nagpapatotoo sa atin na tayo ay naligtas..

(5) Ano ang huling kaligtasan?

Ang pinakahuli, kumpletong pagpapanumbalik sa sannilikha.

(6) Ano ang mga suliranin na nagiging resulta kapag itinatanggi ng mga tao ang muling pagkabuhay ng katawan?

1. Matinding pagsupil sa mga pisikal na pagnanasa na para bang ito ay masama.
2. Walang ingat na pagpapakasawa sa pisikal na pagnanasa na parang hindi nakakapinsala.

(7) Ano ang seguridad ng mananampalataya?

Ang katiyakan ng mananampalataya ay ang pangakona ang Diyos ay hindi kailanman mabibigo na magbigay sa kanya ng lakas upang magpatuloy sa kanyang pananampalataya at walang ibang kapangyarihang makapag-aalis sa kanya sa Diyos.

# Lesson 9
# Pagpili ng Diyos

(1) Paano natin malalaman na nais ng Diyos na maunawaan natin ang kanyang katarungan?

Ipinaliwanag ng Diyos ang kanyang mga patakaran ng kaligtasan, na ipinapaliwanag kung bakit makatarungan ang mga ito.

(2) Bakit mahalaga na makita natin na ang Diyos ay makatarungan?

Hindi magiging posible para sa atin na tunay na sumamba sa Diyos maliban kung nakikita natin na siya ay makatarungan.

(3) Ano ang pananaw na ayon sa Bibliya tungkol sa kataas-taasang pamumuno ng Diyos?

- Pinili ng Diyos na pahintulutan ang mga tao na gumawa ng mga tunay na pagpili na may mga kahihinatnan.
- Tumutugon ang Diyos sa mga pagpiling ginagawa ng mga tao.
- Ang Diyos ay makapangyarihan at may karunungan upang tuparin ang kanyang pangwakas na plano sa kabila ng ginagawa ng sinumang tao.

(4) Ano ang pangunahing punto ng Roma 9?

Pinili ng Diyos ang paraan ng kaligtasan at walang sinumang maaaring maligtas sa ibang paraan.

(5) Ano ang mga espirituwal na pribilehiyo ng Israel?

- Una nilang naging Ama ang Diyos.
- Una nilang nakita ang kaluwalhatian ng Diyos na inihayag.
- Nagkaroon sila
    - Ang mga tipan bilang mga tuntunin ng kanyang pagpapala.
    - Ang batas.
    - Ang mga anyo ng pagsamba.
    - Ang mga pangako ng sukdulang kaligtasan.
- Ang mga patriyarka ay mga Hudyo.
- Si Jesus ay isinilang bilang isang Hudyo.

(6) Ano ang limang koneksiyon ng Kristiyano at Hudaismo?

- Ang mga Kristiyano at tagasunod ng Hudaismo ay sumasamba sa parehong Diyos at tumanggap nga malinaw na pahayag mula sa Diyos.
- Ang Hudaismo ay nagbigay ng teolohikal at pilosopikal na pundasyon ng Kristiyanismo. Ang Israel ay monoteistiko at naniniwala sa isang Diyos na walang hanggan, hindi nilikha, at banal. Ang lahat ng ginawa Diyos ay mabuti, ngunit ang kasamaan at pagdurusa ay dumating dahil sa kasalanan. Ang tao ay isang espesyal na nilikha sa imahe ng Diyos, na may isang maluwalhating kapalaran pagkatapos na siya ay matubos. Tinatanggap natin ang mga katotohanang ito, ngunit sumasalungat ang mga ito sa lahat ng mga relihiyon sa paligid ng sinaunang Israel. Ang mga katotohanang ito ay unang inihayag sa Israel.
- Tinatanggap ng mga Kristiyano at mga taga-sunod ng Hudaismo ang lahat ng mga orihinal na Kasulatan ng Lumang Tipan, subalit ang mga taga-sunod ng Hudaismo ay hindi tinatanggap ng Hudaismo ang Bagong Tipan.
- Si Hesus, ang pundasyon ng Kristiyanismo, ay isang Hudyo at pinatotohanan ang relihiyon ng kanyang mga kababayan. Itinuro niya ang tunay na mga prayoridad, at hinatulan ang mga pagkakamali ng mga Pariseo. Hindi niya sinasabing nagsisimula siya ng isang bagong relihiyon, kundi tinutupad ang dati.
- Ang puso ng Hudaismo ay ang pag-asa sa Mesiyas. Ang mga unang Kristiyano ay mga Hudyo na naniniwala na si Hesus ang Mesiyas ng mga Hudyo.

(7) Ano ang sinasabi ng Roma 9 tungkol sa pagpili ng Diyos kay Jacob?

Nang piliin ng Diyos si Jacob sa halip na si Esau, hindi niya pinipili kung sino ang ililigtas niya. Pinili niya ang gagamitin niya para matupad ang plano ng kaligtasan.

(8) Bakit tayo maaaring magsaya sa soberanya ng Diyos?

Maaari tayong magalak sa soberanya ng Diyos dahil siya ay laging matalino, mabuti, mapagmahal, at makatarungan sa lahat ng kanyang ginagawa.

# Aralin 10
# Ang Mahalagang Mensahe

(1) Ano ang pangunahing punto ng Roma 10?

> Ang katuwiran ay dapat matagpuan sa pamamagitan ng pananampalataya, at ang pangangailangan ng pananampalataya ay ginagawang agarang mahalaga ang mensahe ng ebanghelyo.

(2) Paano sinubukan ng mga Hudyo na bigyang-katwiran ang kanilang sarili?

> Sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang perpektong talaan ng personal na katuwiran.

(3) Paano natin malalaman na ang mga taong nabuhay bago dumating si Kristo ay hindi naligtas sa pamamagitan ng mga gawa?

> Malinaw na sinabi ni Pablo na ang mga nagsikap na magtatag ng kanilang sariling katuwiran sa pamamagitan ng mga gawa ay mali ang naging gabay at naligaw.

(4) Ano ang ibig sabihin na ang kaligtasan ay nasa ating puso at bibig?

> Tinatanggap natin ito sa pamamagitan ng pananampalataya (sa ating mga puso) at pagtatapat (sa pamamagitan ng ating mga bibig).

(5) Bakit mahalaga ang mensahe ng misyonero?

> Dahil ang mga tao ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, kailangan nilang marinig ang mensahe upang sila ay maniwala.

(6) Ipaliwanag ang paglalarawan ng mga sanga ng puno sa Roma 11?

> Ang Israel ay parang mga sanga na naputol mula sa puno ng Diyos, at ang mga Gentil ay mga sanga na idinagdag. Ang mga Hudyo ay naputol dahil sa kanilang kawalan ng paniniwala. Ang isang isinama dito ay aalisin din kung hindi siya magpapatuloy sa pananampalataya. Ang mga naputol na ay maaari pa ring maibalik.

(7) Ilista at ipaliwanag ang tatlong klase ng pangako sa Lumang Tipan.

- Mga pangako ng kaligtasan
- Mga pangako ng pangangalaga ng Diyos sa kanyang mga tao
- Mga pangako sa Israel bilang bansa

# Aralin 11
# Ministeryo at Mga Relasyon

(1) Ipaliwanag ang ilustrasyon ng buhay na handog.

Tulad ng isang handog na dapat patayin, tayo ay isinuko nang lubusan; ngunit sa halip na mamatay, nabubuhay tayo para sa Diyos. Ang pangako ay dapat mapanatili. Ang ilustrasyon ng isang buhay na handog ay nagbibigay-diin sa kabuuan ng ating kaloob.

(2) Ano ang dapat mangyari sa atin upang tayo ay maging lubos na matapat sa Diyos?

Dapat tayong magbago sa pamamagitan ng pagpapanibago ng ating isipan.

(3) Bakit tayo dapat maging mapagpakumbaba?

Lahat ng mayroon tayo ay ibinigay sa atin ng Diyos.

(4) Ipaliwanag ang terminong *mahinang kapatid* at *malakas na kapatid*.

Ang mahinang kapatid ay isa na nakakaramdam ng pagkakasala sa isang aksyon na hindi talaga ipinagbabawal ng Diyos. Ang isang malakas na kapatid ay isa na maaaring gumawa ng isang aksyon na walang kasalanan dahil alam niyang ang aksyon ay hindi talaga pagsuway sa Diyos.

(5) Sino ang mga Judaizers?

Ang mga Judaizer ay mga Hudyo na nag-aangking Kristiyano ngunit naisip na ang mga Kristiyano ay dapat tuparin ang mga kinakailangan ng Hudaismo.

# Lesson 12
# Isang Pangitain Para sa Pagmimisyon

(1) Ipaliwanag kung paano inihanda ng tatlong dakilang mga kultura ang pagpapalaganap ng ebanghelyo sa unang siglo.

*Dapat ilista ng estudyante ang ilang detalyeng makikita sa araling ito tungkol sa mga kulturang Griyego, Romano, at Hudyo.*

(2) Paano ipinakita ng apostol na laging plano ng Diyos na makarating ang ebanghelyo sa mga Hentil?

Inihula iyon ng mga propeta

- Ang mga Hentil ay sasamba sa Diyos.
- Ang Mesiyas ang maghahari sa mga Hentil.
- Ang mga Hentil ay magtitiwala sa Mesiyas.

(3) Bakit mahalaga ang mga kaloob para sa iglesya sa Jerusalem?

Sa pamamagitan ng pagpapadala ng kaloob, kinilala ng mga Hentil ang kanilang utang sa mga Hudyo, dahil ang mga Kristiyanong Hudyo ay nagdala sa kanila ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng pagtanggap ng kaloob, kinilala ng mga Hudyo na ang mga Hentil ay nasa iisang iglesya.

(4) Paano dumating si Pablo Roma?

Dumating si Pablo sa Roma bilang isang bilanggo matapos niyang maaresto sa Jerusalem ng mga pinuno ng mga Hudyo, na kinuha ng gobernador ng Roma, at sa huli ay ipinadala sa Roma para sa paglilitis.